NSW HEALTH

**Agosto 2007/August 2007**
**SHPN (CBD) 07/136FI (Filipino)**

# Serbisyong Paghadlang at Pamamahala ng Tuberkulosis ng NSW
**NSW Tuberculosis Prevention & Control Service**

## Pagkahawa ng nakatagong tuberkulosis (LTBI) at ang paghadlang nito

- Niresetahan kayo ng doktor ng iinuming mga gamot upang mailigtas kayo sa sakit na tuberkulosis (TB).
- Ginagamot kayo nito sa kadahilanang kayo ay:
  - may positibong resulta sa tuberculin skin test (kilala din bilang TST o Mantoux test) o
  - may di-pangkaraniwang resulta sa x-ray ng inyong dibdib, o
  - napa sama sa taong may nakakahawang uri ng TB.
- Itong mga bagay ay nagsasabi na kayo ay may impeksiyon sa TB na maaaring tuluyang maging sakit na TB (pagkatuyo).

**Ano ang pagkakaiba ng impeksiyon sa TB at sakit na TB?**
**Ang impeksiyon sa TB ay**:

- Ang positibong resulta ng TST ay nagsasabing may impeksiyon sa TB.
- Kung ang isang tao ay may impeksiyon sa TB, ang mga mikrobyo ng TB ay nasa loob ng katawan, ngunit hindi ito aktibo at hindi nakakahawa sa ibang tao.
- Sa kadalasang kaso (90-95% ng mga tao), ang sistema ng resistansiya sa katawan ang magkokontrol sa mga mikrobyo at ang sakit na TB ay hindi lalago.
- Ang mga taong may impeksyon ng TB lang ay walang sintomas at maganda ang pakiramdam.

**Ang sakit ~~sa~~ naTB ay**:

- Sa 5-10% ng mga taong may impeksyon ng TB, ang sakit na TB ay tumutuloy lang kung ang hindi aktibong mikrobyo ng TB ay naging aktibo, o at dumami.
- Ito ay maaaring mangyari kahit na maraming taon na ang lumipas, kadalasan kung ang sistema ng resistansiya sa katawan ay humina. Ito ay maaaring dahil sa pagtanda, malalang sakit, paggamit sa droga at alak, impeksiyon sa HIV (ang mikrobyong sanhi ng AIDS), o iba pang kondisyon.

| Impeksiyon sa TB | Sakit sa TB |
|---|---|
| Hindi aktibo ang mga mikrobyo ng TB sa katawan | Aktibo ang mga mikrobyo ng TB sa katawan |
| Walang sintomas ng TB | May mga sintomas ng TB katulad ng pag-ubo, lagnat, nangangayayat |
| Hindi makakapagkalat ng mga mikrobyo sa TB sa ibang tao | Maaaring makakahawa ng mga mikrobyo sa TB sa ibang tao |
| Maaaring kakailanganin ng paggagamot laban sa impeksiyon sa TB upang mahadlangang lumagong sakit na TB | Kakailanganin ng paggagamot sa sakit na TB |

## Ano ang paggamot sa impeksiyon sa TB?

- Ang kadalasang gamot na ibinibigay sa paghadlang ng TB ay isoniazid, ngunit maaari ding uminom ng ibang gamot.
- Araw-araw na iinumin ang mga gamot na ito sa loob ng 6 na buwan o mahigit pa, dahil ganito katagal para puksain ang mga hindi aktibong mikrobyo ng TB.
- Maaari ding resetahan kayo ng pyridoxine (Vitamin B6) upang hadlangan ang maaaring kaibang-epekto (side effect) ng Isoniazid.

## Parang wala akong karamdaman, kailangan pa ba akong uminom ng gamot?

- Kahit na mabuti ang pakiramdam ninyo, ang maagang paggagamot laban sa impeksiyon sa TB habang maaga pa ang siyang papatay sa mga mikrobyo ng pagkatuyo sa inyong katawan, at makakatulong sa paghadlang ng pagkakasakit ninyo ng TB.
- Ang paggagamot ng impeksiyon sa TB ay makakatulong sa pagpuksa ng sakit na TB sa karamihan ng mga taong nakakompletong uminom ng buong iinuming gamot.

## Ligtas ba ang paggagamot laban sa impeksiyon sa TB?

- Walang peligro sa pag-inom ng mga gamot at karamihan sa mga tao (pati na ang mga bata) ay hindi nakakaranas ng mga problema sa pag-inom ng mga ito.
- May mga taong maaaring magka~~ka~~roon ng mga kaibang epekto katulad ng:
  - kirot sa sikmura
  - naninilaw na kutis o mga mata
  - maitim na ihi (katulad ng kape o tsaang itim)
  - walang ganang kumain
  - pagkalula o nasusuka
  - singaw o pagkakati
  - lagnat
  - malalang pagkapagod
  - pamimiltik sa mga daliri ng kamay o paa

Sabihin kaagad sa inyong doktor o nars kung mayroon kayong ganito o iba pang mga sintomas na mababahala kayo. Ang isang hindi pangkaraniwan ngunit malalang maaaring kaibang epekto ay ang pagkasira ng atay, at ito ay maaaring maiwasan sa pamamagitan ng masinsinang pagmamanman ng inyong doktor.

## Paano ko iinumin ang gamot?

- Inumin ninyo ang mga gamot sa parehong oras bawat araw.
- Upang makatulong na matandaan ninyo ang pag-inom ng inyong gamot, makakatulong siguro kung mamarkahan ang kalendaryo o diary bawat araw ng inyong pag-inom ng gamot, o palaging inumin ang gamot isang oras bago kayo kumain.
- Kung nakalimutang uminom ng gamot sa isang araw, uminom ng gamot sa normal na dosis sa susunod na araw (huwag dodoblehin ang dosis nito). Kung palagi ninyong nakakalimutang uminom nito maaaring hindi magiging mabisa ito sa pagpuksa ng mga mikrobyo sa TB. Sabihin sa inyong doktor o nars kung palagi ninyong nakakalimutang inumin ang inyong gamot.
- Huwag uminom ng alak habang umiinom ng gamot. Tanungin ang inyong doktor bago uminom ng ibang gamot (kasama rito ang mga nabibiling walang reseta o pantulong na gamot katulad ng paracetamol), dahil maaaring makakaapekto ito sa mga gamot laban sa TB.

## Kailangan ko bang sabihin sa iba ang pagpapagamot ko ng impeksiyon sa TB?

- Ang mga taong may impeksiyon lamang sa TB ay hindi makakahawa ng TB sa iba, kaya hindi kinakailangang sabihin ito sa trabaho, eskuwela o unibersidad kung ayaw ninyo. Kailangang sabihin ito sa mga doktor na pagpapatingnan ninyo at itatago nila ito bilang kompidensiyal.

**Mga iba pang bagay na bibigyang pansin**

Hiwalay sa mga bagay na nabanggit sa itaas:

- Sabihin sa inyong doktor kung may iba pa kayong problema sa kalusugan o gustong magkaanak.
- Maaari ninyong ipagpatuloy na gawin ang mga kadalasang ginagawa habang umiinom ng mga gamot na ito.

**Para sa karagdagang impormasyon**

- Habang nasa panahon ng paggagamot, kayo ay regular na titingnan ng doktor o nars upang malaman ang inyong kondisyon, ngunit kung kailangan ninyo ng dagdag na impormasyon, tawagan ang pinakamalapit ninyong “chest clinic” o puntahan ang inyong doktor.